# Ika - 5 Kumprehensibong Plano Para sa Pag-Asenso at Pag-Unlad ng Koshigaya City

Pangunahing Konsepto (2021～2030)・Unang Yugto ng Pangunahing Plano (2021～2025)

## Buod ng Plano



KOSHIGAYA

# Ang Kumprehensibong Plano Tungo sa Pag-Asenso at Pag-Unlad

## Bumuo ng plano

Ang planong ito ay nabuo at maging basehan sa mga hakbang at proyekto ng siyudad tungo sa pag-asenso. Nahahati ito sa 3 hakbang na tatawaging Pangunahing konsepto, Pangunahing plano at Implementasyon ng plano. Ang mga ito ay upang lalong maintindihan ng publiko at upang maihahanay sa pagtugon ng mga darating na pagbabago sa komunidad.

### Pangunahing konsepto

Layunin tungo sa pag-asenso at mga pananaw para sa hinaharap.

### Pangunahing plano

Mga hakbang at iba pa upang makamit ang mga layunin at pananaw para sa hinaharap.


### Implementasyon ng plano

Detalye ng mga estratehia o gagawin upang makamit ang pangunahing plano para sa pag-asenso at para sa hinaharap.




## Gaano katagal ang pagpapatupad ng plano

Ang pagpapatupad ng planong ito ay simula taon 2021 hanggang taon 2030.




## Katangian ng plano

1 **Plano na nabuo sa tulong o partisipasyon ng residente**
Nabuo ang planong ito sa tulong ng partisipasyon ng publiko (base sa regulasyon kaugnay sa neighborhood associations). Nagkaroon ng mga pagtitipon at pag-uusap ang bawat asosasyon, pagtitipon at pananaliksik sa mga kabataan, organisasyon at iba pa

2 **Plano na tutuparin sa mga hakbang at ganap na estratehia**
Para sa mga plano at pag-asenso ng siyudad nagkakaisa ang lahat (komunidad, mga tao at pangangalakal) tungo sa mga hakbang para sa pag-unlad.

3 **Plano na nakahanay base sa ideya o kaisipan ng SDG's**
Upang makamit ang layunin na maging isang komunidad na walang maiiwan kaugnay sa ekonomiya, komunidad, kapaligiran at iba pang mga dapat pag-usapan at bigyan pansin.

## Takbo ng siyudad

Ipapatupad ang mga plano base sa **bagong takbo ng panahon ayon sa bumababa na populasyon at ayon sa pang internasyunal na komunidad.**

<Pang malawakang takbo>

Bagong takbo ng panahon base sa bumababang populasyon

Bagong takbo ng panahon base sa pang internasyunal na komunidad

<6 na takbo ng komunidad>

1. Pagbibigay lunas ng mga panganib sa buhay at kabuhayan
2. Makamit ang isang komunidad na nagkakaisa
3. Maging isang komunidad na sumusuporta sa patuloy o habambuhay na pag-aaral o pagkatuto
4. Pag-unlad at pagbaba ng problema sa kapaligiran
5. Pagbibigay kasagutan sa mga bagbabago ng sitwasyon ng ekonomiya at kondisyon ng manggagawa
6. Pangangailangan ng pakikipag tulungan tungo sa pag-unlad ng komunidad.

## Pangunahing batayan tungo sa pagpa-unlad ng komunidad

Naging basehan sa pagbuo ng planong ito ang regulasyong pang-awtonomiya ng siyudad. Ito ay tungkol sa paggalang ng karapatang pantao o pagrespeto ng bawat mamamayan bilang tao at pangunguna ng bawat mamamayan tungo sa pag-unlad ng komunidad. At sa pagtaguyod ng isang maunlad na komunidad, inaasahan ang 3 tuntunin ng pagsali, pagtutulungan at pagbabahagi ng impormasyon.

**Paggalang sa karapatang pantao**
Pagrespeto ng bawat mamamyan bilang tao


**Pangunahing batayan sa pagpapa unlad komunidad**
【Regulasyong pang awtonomiya, Artukulo 4】

**Pangunguna ng mamamayan**
Ang bawat mamamayan ay mangunguna sa pagpapa-unlad ng komunidad

## Mga Pananaw ng Koshigaya Para sa Hinaharap

**Isang ligtas at tiwasay na siyudad na puno sa yaman ng tubig, halaman, kalikasan at iba pa.**

### Keywords




# Mga Pananaw ng Koshigaya Para sa Hinaharap

## Inaasahang populasyon sa hinaharap

Sa loob ng panahon ng pagpapatupad ng plano, inaasahan na ang populasyon sa taon 2022 ay maging 340,6000. Ngunit, inaasahan din itong bumaba hanggang 330,6000 sa taon 2030.

Kung titingnan ito sa mas mahabang panahon, inaasahan na bababa ito sa 260,000 sa taon 2060. Ngunit, ayon sa pananaw ng populasyon at plano noong taon 2016, ang populasyon ay inaasahang tataas hanggang 297,000 sa taon 2060.

■Inaasahan at Target na populasyon




## Ideyal na pananaw para sa kinabukasan

Bilang sagot sa bumababang populasyon, pagbabago ng klima at natural na kalamidad, pagbabago ng ekonomiya at iba pa, pinapabuti ang relis ng tren at ang west Obukuro district upang maging isang maganda at karapat-dapat na lugar ang siyudad para sa lahat.

Ang mga sumusunod ay keywords na naaayon sa mga pananaw ng siyudad para sa hinaharap.

1. Pag-unlad ng siyudad sa pamamagitan ng pagkakaisa at pag tutulungan
2. Pagpapatuloy ng sigla ng siyudad at paggamit ng wasto ng mga lupain
3. Siyudad na nakikiisa sa kalikasan at malakas sa pagharap ng kalamidad o sakuna

## Layunin tungo sap ag-unlad

6 na layunin upang makamit ang pananaw ng siyudad para sa hinaharap na maging isang ligtas at tiwasay na siyudad na sagana sa yamang tubig, halaman, kalikasan at iba pa.

1. Pagkakaroon ng interaksyon, partisipasyon at pakikipag tulungan ng bawat isa tungo sap ag-unlad ng komunidad
2. Lahat ng mamamayan ay malulusog at may pagkakaisa bilang isang komunidad
3. Siyudad na nakikiisa sa natural na kalikasan at may pagkakaisa at pagtutulungan
4. Isang ligtas at matiwasay na siyudad at laging handa sa pagharap ng anumang kalamidad
5. Isang siyudad na ginagamit at pinapa halagahan ang sariling yaman
6. Maging aktibo sa pagtupad ng mga hangarin at patuloy na palawakin ang kaalaman

Ang pagpapatupad ng bawat layunin ay inuugnay sa 17 na adhikain ng SDG's at sa mga hakbang batay sa kabuuang plano.

## Pagpapalago ayon sa pananaw ng bawat distrito

Ang pananaw ng bawat distrito ay nabuo mula sa mga ideya at opinyon ng bawat membro base sa kanilang mga pagtitipon. At maging basehan ito sa mga hakbang at proyekto sa hinaharap.

| Distrito | Pananaw ng bawat distrito para sa hinaharap |
|---|---|
| Sakurai | Napapalibutan ng nakakarelaks na kalikasan at napaka kumportableng tirahan – Sakurai |
| Niigata | Nagbibigay halaga sa kalikasan at mapayapang buhay sa lahat ng mamamayan - Niigata |
| Mashibayashi | Kumportable at kaayayang lugar para sa lahat ng mga naninirahan -Mashibayashi |
| Obukuro | Mapayapang lugar na nagpapalawak ng kaalaman at kahusayan habang nakikiisa sa natural na amoy ng sirwelas at kalikasan - Obukuro |
| Ogishima | Maginhawa at mapayapang lugar para sa lahat - Ogishima |
| Dewa | Masaganang lugar na nakikiisa sa kalikasan at tumatangkilik ng sariling kultura |
| Gamo | Bayan na may pagkakaisa at mayaman sa kalikasan – Gamo |
| Kawayanagi | Kumportableng lugar na mayaman sa kalikasan at puno ng pagmamahal sa sariling bayan |
| Osagami | Mayaman sa kalikasan, kasaysayan at matiwasay na bayan para sa lahat |
| Osawa | Puno ng sigla, pagkakaisa, at pagpapahalaga ng kasaysayan tungo sa pag-unlad ng bayang Osawa |
| Kita Koshigaya | Pagmamahal sa Kita-koshigaya, Bayan na may pagkakaisa! |
| Koshigaya | Bayang may pagmamahal sa kalikasan, kasaysayan, at pagtaguyod ng kultura |
| Minami Koshigaya | Lahat ay magkakaisa para sa isang kumportableng tirahan – Minami Koshigaya! |

# Unang Termino ng Plano

Unang termino ng plano

Tingnan sa pahina 6

## ≪Pagtataguyod ng mga pananaw≫

○Pagpapahayag ng importanteng perspektibo sa pagtataguyod ng komunidad

**Pagpapalago ng komunidad base sa bagong normal na perspektibo**

●Bagong perspektibo ng pangangasiwa laban sa krisis
-Pamamahala at paghatid ng mensahe tuwing may panganib-

●Bagong perspektibo ng pagbibigay ng sebisyong pang administratibo
-Paunlarin ang dihitalisasyon ng administratibong pangangasiwa-

Tingnan sa pahina 7～9

## ≪Plano ayon sa bawat larangan≫

Layunin 1 — Pagkakaroon ng interaksyon, partisipasyon at pakikipag tulungan ng bawat isa tungo sa pag-unlad ng komunidad

Layunin 2 — Lahat ng mamamayan ay malulusog at may pagkakaisa bilang isang komunidad

Layunin 3 — Siyudad na nakikiisa sa natural na kalikasan at may pagkakaisa at pagtutulungan

Layunin 4 — Isang ligtas at matiwasay na siyudad at laging handa sa pagharap ng anumang kalamidad

Layunin 5 — Isang siyudad na ginagamit at pinapahalagahan ang sariling yaman

Layunin 6 — Maging aktibo sa pagtupad ng mga hangarin at patuloy na palawakin ang kaalaman

Tingnan sa pahina 10

## ≪Mga estratehia≫

○Pagkakaroon ng mga hakbang kaugnay sa bumababa ng populasyon, kaunting bata at tumatandang mamamayan

**【Layunin 1】**

Palikha at pagkakaroon ng seguridad sa trabaho

**【Layunin 2】**

Makamit ang mga pangarap sa pag-aasawa, pagkakaroon at pagpapalaki ng mga anak

**【Layunin 3】**

Maging isang napaka ganda at kumportableng lugar para sa lahat

## Pananaw sa hinaharap

Isang ligtas at tiwasay na siyudad na sagana sa yamang tubig, halaman, kalikasan at iba pa.

# Pagtataguyod ng mga pananaw

Base sa mga pananaw tungo sa paglago ng siyudad at sa mga importanteng estratehiya ng pagtupad ng mga layunin at pagsasagawa ng mga ito ay ayon sa mga sumusunod.

## Pagpapalago ng komunidad base sa bagong normal na perspektibo

Sa mga pagbabago ng klima at panahon, naging madalas at malubha ang pagkakaroon ng natural na kalamidad.

At kung sa susunod na 30 taon, may 70% na posibilidad na magkakaroon ng malaking lindol sa sentro ng Tokyo, magdudulot ito ng napakalaking pinsala. Mangyaring magkakaroon ng higit 20,3000 na fatal casualties, at higit ¥95 trilyon na pinsala sa ekonomiya.

Bukod dito, sa kumakalat na pandemya na COVID-19 simula noon g 2019, hindi lang ang kalusugan at medikal na sektor ang apektado kung hindi pati ang buong pamayanan, ekonomiya, komunikasyon, paraan ng pagtatrabaho at iba pa. Malaki ang epekto nito sa buhay ng bawat tao na nagdudulot ng marami at malaking pagbabago sa pang araw-araw na buhay.

Sa pagtugon ng mga darating na sakuna o kapahamakan, sa sitwasyon na kunting bata at bumababa na populasyon, importante na magkakaroon ng mabisang hakbang at direktiba ang lokal na gobyerno upang mapanatili ang pag-asenso ng siyudad.

Gayon din sa pagkalat ng paggamit ng digital na teknolohiya. Kailangan magkakaroon at mapapakinabangan ang teknolohiya hindi lang sa ordninaryong araw kundi lalo na sa panahon ng krisis at iba pa upang maging madali ang pagtugon ng mga pangangailangan ng publiko.

Sa mga paghahanda sa oras ng kagipitan, pagtugon sa kondisyon na kunting bata at bumababang populasyon, kailangan makapag bigay ng impormasyon sa mga mamamayan at pribadong sektor base sa pananaw ng bagong normal.

### Bagong perspektibo ng pangangasiwa laban sa krisis

**~Pamamahala at paghatid ng mensahe tuwing may panganib~**

Paghahanda kahit sa ordinaryong panahon upang mabawasan at makaahos agad sa anumang pinsala tuwing may kalamidad.

◎Pagpapatuloy at pagpapatibay ng mga kasalukuyang inisyatibo at direktiba kaugnay sa mga panganib

◎Gawin ang nararapat na paghahanda kahit sa ordinaryong panahon (Pagpapatibay ng komunidad)

### Bagong perspektibo ng pagbibigay ng sebisyong pang administratibo

**~Paunlarin ang dihitalisasyon ng administratibong pangangasiwa~**

Paggamit ng digital na teknolohiya upang maging madali para sa mga mamamayan ang paglapit sa gobyerno lalo na sa panahon na may kalamidad

◎Pagiging online ng mga administratibong pamamalakad

◎Paggamit ng husto ng digital na teknolohiya

◎Pagkakaroon ng cloud system sa local na pamahalaan

◎Pagpapalaganap ng mga administratibong impormasyon sa lokal na komunidad

# Mga panukala ayon sa bawat larangan

## 1 Pagkakaroon ng interaksyon, partisipasyon at pakikipag tulungan ng bawat isa tungo sapag-unlad ng komunidad (Mamamayan, Karapatang pantao, Pangangasiwa)

Sa pagharap ng ibat-iba at kumplikadong isyu at problema ng lipunan, at upang patuloy na maninirahan sa Koshigaya ang mga residente, kailangang lumikha ng ibat-ibang oportunidad upang magkakaisa, magkaroon ng partisipasyon at maikalat ang impormasyon para sa ikaubuti ng bayan.

At sa henerasyon na kunting bata at bumababa na populasyon, sisikapin na makamit ang isang komunidad na tumatanggap at may respeto sa isa't-isa, at mabuhay na masaya at masigla sa kabila ng edad, kasarian at nasyonalidad.

Bukod dito, sisikapin na ang administrasyon ng lokal na pamahalan ay nauugnay sa bagong henerasyon tulad ng paggamit ng teknolohiya sa mga proseso, pagkolekta at pagpapalaganap ng impormasyon.

1-1 Pagbutihin ang pangagasiwa ng gobyerno sa pamamgitan ng partisipasyon at tulong ng mamamayan

1-2 Pagiging isang komunidad na may pagpapahalaga at respeto ng karapatan ng bawat isa

1-3 Maitaguyod ang isang matiwasay at maayos pamamalakad ng gobyerno




## 2 Lahat ng mamamayan ay malulusog at may pagkakaisa bilang isang komunidad (Kalusugan,Pagpapagamot, Pag-aalaga ng bata, Welfare)

Sisikapin na makamit ang layunin na maging isang komunidad na matiwasay at ligtas para sa lahat. Ang bawat isa, bata man o matanda, may kapansanan, may mga anak o pamilya at iba pa ay malulusog, nagkakaisa at nagtutulungan.

Sa henerasyon na kunting bata, sisikapin na magiging isang lugar na angkop para sa mga pamilya na may anak. Maging isang siyudad na handa para sa paglaki ng bata habang ay mga ito ay magkakaroon ng pag-asa at pangarap para sa hinaharap.

Sisikapin na magkakaroon ng aktibong programa upang manatiling malusog at maiwasan ang pagkakasakit ng bawat mamamayan.

At sa pagtugon ng iba't-ibang pangagailangan kaugnay sa pangagalaga ng kalusugan at pang medikal, kailangan ang pakikipag tulungan sa medikal na insitusyon at organisasyon ng siyudad. Kailangan rin ang pagiging handa sa pagtugon ng mga nakakahawang sakit at iba pa.

2-1 Pagiging isang komunidad na na sumusuporta sa bawat isa

2-2 Pagkakaroon ng isang maayos at mahusay na sistema kaugnay sa kalusugan at health care habang sinisikap ng bawat isa na manatiling malusog

2-3 Maging isang mapayapa at nararapat na lugar sa pagpapalaki ng mga bata habang ang mga ito ay lumalaki na puno ng pag-asa at pangarap para sa kinabukasan

2-4 Maging isang matiwasay na lugar na magbibigay ng suguridad para sa mga may kapansanan

2-5 Maging isang lugar na magbibigay ng seguridad ng pamumuhay para sa mga matatanda

2-6 Pagpapabuti ng mga sistema na sumusuporta na kapakanan at pamumuhay ng mamamayan



## 3 Siyudad na nakikiisa sa natural na kalikasan at may pagkakaisa at pagtutulungan (Pagpaplano ng siyudad, Pasilidad, Tirahan)

Inaasahan na maging isang siyudad na may pagkakaisa at may katangian na nakikiisa sa kalikasan. Inaasahan rin ang pagkakaroon ng mga plano na magamit ng husto ang mga railway stations at pagkakaroon ng network ng mga kalsada at pampublikong transportasyon.

Gagawin ang lahat na panatiliin at patitibayin upang magamit ng matagalan ang kasalukuyang imprastraktura ng siyudad tulad ng mga publikong pasilidad, mga kalsada at tulay, water supply and sewerage, at iba pa. Kaugnay sa pagtugon na maging isang siyudad na ligtas para sa lahat, sisikapin ang wastong pag-manage, paggamit at hindi pagdami ng mga bahay na walang nakatira.

At sa pagtaguyod ng isang siyudad na malakas sa anumang kalamidad, gagamitin ng husto ang mga mgagandang kalidad ng komunidad at ang palibot nito na puno ng natural na yaman.

3-1 Maging isang siyudad na patuloy na mapipili na may mataas na kalidad ng buhay

3-2 Pagkakaroon ng kalsada at pampublikong transportasyon na sumusuporta sa lugar

3-3 Maging isang lugar na sagana mga halaman at ligtas na tubig para sa lahat

3-4 Pagkakaroon ng sagana at ligtas na tubig para sa lahat

3-5 Maging isang paligid na may kaginhawaan at matiwasay para sa mga residente



## 4 Isang ligtas at matiwasay na siyudad at laging handa sa pagharap ng anumang kalamidad (Kapaligiran, pangangasiwa tuwing may panganib, Sunog)

Sa paglikha ng siyudad na may pagkakaisa sa kalikasan at sa pagbawas ng mga pandaigdigang pinapasan kaugnaa sa isyu nga kapaligiran, sisikapin ang pagtaguyod ng muling paggamit ng mga bagay na pwedeng gamitin ulit upang mabawasan ang dami ng basura. Nang sa gayun, maipagpatuloy ang isang ligtas at eco-friendly na siyudad para sa lahat.

Bukod dito, gawin ang lahat upang lalong maging mahusay ang mga direktiba sa pagharap ng mga krisis at panganib tulad ng natural na kalamidad, terorismo, mga nakakahawang sakit o pandemya at iba pa. At dahil sa pagbabago ng klima o panahon at sa madalas na pagkakaroon ng malalang sakuna, sisikapin na lalong patibayin ang mga sistema laban sa sakuna, sunog at iba pa. Palawakin ang kaalaman ng lahat ukol sa pagprotekta na sarili.

Sisikapin rin na maging matiwasay ang buhay ng lahat sa pamamagitan ng mga inisyatibo laban sa krimen at consumer issues.

4-1 Maging isang lugar o komunidad na patuloy na may maayos na kalikasan

4-2 Maging isang lugar na ligtas at tiwasay para sa lahat

4-3 Pagkakaroon ng sistema na makakapag protekta sa buhay at ari-arian ng mamamayan



Unang termino ng plano

## 5 Isang siyudad na ginagamit at pinapa halagahan ang sariling yaman (Agrikultura, Trabaho, Turismo)

5-1 Pagpapabuti at pagpapalakas na industriya na sumusuporta sa komunidad

5-2 Pagpapabuti ng istilo sa pamumuhay sa pamamagitan ng sigla at amenities

5-3 Maging isang lugar na patuloy ang agrikulturang pangangasiwa at kalakal

5-4 Maging isang lugar para sa lahat na puno ng buhay habang nagtatrabaho

Ang lokal na industriya ay importante sa pag-asenso ng siyudad. Hindi lang ito sumusuporta sa pang araw-araw na buhay. Nagbibigay rin ito ng oportunidad upang magkakaroon ng trabaho at pangkabuhayan ang mga tao. Sisikapin ang pagkakaroon ng mga direktiba upang maipag patuloy ang mga negosyo at industriya, agrikultura, lokal na turismo, at patuloy na paglago ng ekonomiya ng siyudad iba pa.

Itataguyod rin ang pagkakaroon ng sariling katangian o tatak bilang isang komunidad. Hangarin na maging isang lugar na may maginhaw at malapit na trabaho para sa mga naninirahan.



## 6 Maging aktibo sa pagtupad ng mga hangarin at patuloy na palawakin ang kaalaman (Edukasyon, Habambuhay na pag-aaral at kultura, isports at libangan)

6-1 Pagkakaroon ng edukasyon na maghahatid at magpapatibay ng kakayahan para mabuhay

6-2 Pagtataguyod ng lokal na kultura at pagyaman ng kaalaman

6-3 Maging isang lugar na may pang habambuhay na libangan at isports.

Itataguyod ang pagiging isang komunidad na lahat ng mamamayan ay magkakaroon ng pangarap at pag-asa na matutupad habang patuloy na pinapalawak at ginagamit ang kaalaman at kakayahan sa komunidad at habang maninirahan ng malusog at mabuhay sa mas mahabang panahon.

Dahil dito, kailangan ang pagkakaroon ng angkop na sistema sa edukasyon at guidance system na sumasagot sa pangagailangan ng mga bata. Kailangan ang pagkakaroon ng quality education para sa mga bata upang magkakaroon ng solid na kakayahan at mayaman na kaalaman na handa sa pagsagot sa anumang pagbabago ng komunidad o lipunan.

Sa larangan naman ng lifelong education gagawin ang lahat na magkakaroon ng oportunidad na maipasa sa susunod na henerasyon ang tradisyunal na kultura, kaugalian at iba pa. At sa larangan naman ng lifelong sports, sisikapin ang pagkakaroon ng libangan na ma-enjoy ng lahat mula bata hanggang matanda, habang mananatiling malusog at maaliwalas ang pamumuhay. At maging isang kumonidad na puno ng sigla at puno ng iba't ibang yaman.



## Kumprehensibong estratehiya sa paglikha ng mga trabaho, pagpaparami ng populasyon at pagbibigay sigla ng siyudad



### Ano ang kumprehensibong estratehiya

Ang kumprehensibong estratehiya ay nabuo base sa bumababang populasyon at layunin na maging isang komunidad na puno ng buhay at sigla. At gaganapin ang mga estratehiya na napapaloob sa kumprehensibong plano. Sa estratehiya, napapaloob ang tatlong (3) pangunahing layunin at targets, pagkakaroon ng mga proyekto, pamamalakad at key performance indicators at layunin na nakaposisyon tungo o sa bawat sustainable development goals.

### Pangunahing Layunin

Habang pinapakinabangan ang pagiging malapit sa metropolitan, layunin na maging isang lugar na malapit ang trabaho sa tahanan at aktibo ang industriya, agrikultura at paglikha ng mga trabaho.

| 【Pangunahing Layunin】 Paglikha at pagkakaroon ng seguridad sa trabaho | |
|---|---|
| Inisyatibo1 | Patuloy na paglago ang industriya |
| Inisyatibo2 | Paglikha ng patuloy na agrikultura |
| Inisyatibo3 | Pagkakaroon ng seguridad sa trabaho |

### Pangalawang Layunin

Pagkakaroon ng sapat na suporta kaugnay sa pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak at pagpapalaki ng bata upang makamit ang pangarap na magkakaroon ng asawa at anak, at upang mananatili ng matagal sa komunidad.

| 【Pangalawang Layunin】 Makamit ang mga pangarap sa pag-aasawa, pagkakaroon at pagpapalaki ng mga anak | |
|---|---|
| Inisyatibo1 | Paglikha ng oportunidad na magkakaroon ng mga encounters |
| Inisyatibo2 | Pagiging isang lugar na akma sa pagpapalaki ng bata |
| Inisyatibo3 | Pagtataguyod ng isang sistema sa edukasyon na bumubuo ng kakayahang mabuhay |

### Pangatlong Layunin

Pagpapalaganap ng kakayahan ng siyuda at pagtataguyod ng isang komunidad na pinapahalagahan at ginagamit ang sariling yaman. At pagkakaroon ng ganap na paghahanda kaugnay sa medikal, welfare at serbisyo sa mamamayan, transportasyon at tuwing may kalamidad at iba pa.

| 【Pangatlong Layunin】 Maging isang napaka ganda at kumportaleng lugar para sa lahat | |
|---|---|
| Inisyatibo1 | Paggamit at pagpapalaganap ng mga resources ng siyudad |
| Inisyatibo2 | Maging isang siyudad na naghahalubilo ang iba't ibang mamamayan |
| Inisyatibo3 | Laging handa kaugnay sa medikal at welfare na pangangailangan |
| Inisyatibo4 | Handa na maging isang mobility na lugar |
| Inisyatibo5 | Pagpapatibay ng prebensyon at pag-agap sa sakuna at kalamidad |

越谷市
KOSHIGAYA CITY



Policy Planning Section,
General Policy Division, Koshigaya City
4-2-1 Koshigaya, Koshigaya City, Saitama
343-8501
TEL : 048-963-9112